Pangalan: ____________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Talatang Naglalarwan

**I. Panuto:** Bilugan ang sampung pang-uring ginamit sa talata. Pagkatapos, gamitin ito para makabuo ng bagong pangungusap. Isulat sa loob ng talahanayan ang iyong sagot.

**Ako Ito, Batang Masunurin at Disiplinado**

Ako si Mel Calimlim. Nakatira ako sa Brgy. Addition Hills, sa Mandaluyong City. Ang bahay namin ay maliit. Nagsisiksikan kaming anim na miyembro ng pamilya sa makipot na espasyo ng aming bahay. Kahit ganoon, masaya akong wala ni isa sa amin ang nadapuan ng coronavirus. Ang totoo, kabilang din ang mga magulang ko sa maraming Pilipino na nawalan ng trabaho. Sa kabila nito, hindi kami nakaranas ng gutom sa mga panahong wala pang dumarating na ayuda sa aming barangay. Kaya nga masasabi kong masuwerte ako.

Kung bakit, ito ay dahil sa disiplinang ipinamulat sa akin ng aking mga magulang. Nang magkaisip, sinanay na kami ng aming nanay at tatay na tumayo sa aming sariling mga paa. Marunong kaming maglinis ng bahay. May kani-kaniya rin kaming bahagi sa aming maliit na espasyo sa bahay para tamnan ng gulay. Ang mga ito ay lubos na napakinabangan namin nang dumating ang pandemya. Napanatili naming malinis ang aming paligid at napanatili rin naming malago ang aming gulayan. Dahil dito, may pinagkukunan kami ng aming makakain sa araw-araw at hindi kailangang umasa sa ibibigay sa amin ng iba.

Napatunayan kong malaking bagay talaga ang lumaking disiplinado at masunurin sapagkat ako at ang pamilya ko rin ang nakinabang dito. Muli, ako si Mel Calimlim at buong pagmamalaki kong sasabihin na "Ako Ito, Batang Masunurin at Disiplinado!"

| |
|---|
| 1. |
| 2. |
| 3. |
| 4. |
| 5. |
| 6. |
| 7. |
| 8. |
| 9. |
| 10. |
| |